

Mga Anestetiko – mga panganib at masamang epekto

Impeksyon sa dibdib

Tungkol sa leaflet na ito

Ang leaflet na ito ay tungkol sa panganib ng pagkakaroon ng **impeksyon sa dibdib** pagkatapos ng isang pangkalahatang pampamanhid. Ito ang masamang epekto na maaari mong maranasan kung mayroon kang pangkalahatang pampamanhid. Ipinapaliwanag sa leaflet na ito ang mga sanhi ng impeksyon sa dibdib at kung ano ang maaaring gawin tungkol dito.

Ang mga pangkalahatang pampamanhid ay mga gamot na nagbibigay ng malalim na estado ng pagtulog. Ito ay mahalaga para sa ilang mga operasyon at pamamaraan. Sa panahon ng pangkalahatang anestisya, ikaw ay walang malay at walang nararamdaman.

Maaari mong basahin ang tungkol sa iba't ibang uri ng mga pampamhanid sa aming *website*, na makukuha sa iba't ibang wika dito:

www.rcoa.ac.uk/patientinfo/translations#languages.

Ano ang impeksyon sa dibdib at bakit ito nangyayari pagkatapos ng operasyon?

- Ang pag-ubo ay nakakatulong para mailabas ang plema mula sa iyong baga. Ang plema ay ang malapot na uhog sa iyong mga baga at dibdib.
- Maaaring maapektuhan ng pangkalahatang pampamanhid ang paraan ng paggalaw ng plema mula sa mga baga.
- Sa ilang operasyon, nagdudulot ito ng kirot o mahirap na pag-ubo.
- Kapag hindi nailabas kaagad ang plema, maaari itong maipon sa iyong mga baga at magdudulot ito ng impeksyon. Halimbawa, ang pulmonya ay isang uri ng impeksyon sa dibdib.

Ano ang posibilidad na mangyari ito?

Mas malaki ang posibilidad na magkaroon ka ng impeksyon sa dibdib, at kakailanganin mo ng karagdagang pangangalaga, kung:

- mayroon kang malalang sakit o napakahinang katawan bago ang iyong operasyon
- kung ikaw ay sumailalim sa operasyon sa tiyan (tummy) at hindi pa makagalaw ng maayos
- at kung ikaw ay naninigarilyo.

Sa bawat 100 na taong may mga ganitong salik ng panganib



2-20 nagkaroon ng impeksyon sa dibdib

80-98 ang hindi

Ang mga bilang na ito ay mula sa pananaliksik na pag-aaral. Ang mga bilang na ito ay makikita sa aming website: www.rcoa.ac.uk/patientinfo/risks/evidence.

Paano kung magkaroon ako ng impeksyon sa dibdib?

Ang doktor na nangangalaga sa iyo ay magsasagawa ng ilang pagsusuri upang malaman kung mayroon kang impeksyon sa dibdib at kung ano ang sanhi nito.

- Mahihirapan kang huminga kapag may impeksyon ka sa dibdib. Kapag nangyari ito, tutulungan ka ng doktor na nangangalaga sa iyo. Halimbawa, pwede ka nilang bigyan ng oxygen na may mask.
- Maaaring makaramdam ng pananakit sa dibdib o likod at parang pagod na pagod.
- Minsan bumababa ang presyon ng dugo at mabilis ang pagtibok ng puso. Ang iyong grupo ay susuriin ang iyong blood pressure at heart rate .

Paano ginagamot ang impeksyon sa dibdib?

Mayroong iba't ibang mga hakbang na maaaring gawin sa iyo upang gamutin ang impeksyon sa dibdib.

Antibiotics

Ang mga impeksyon sa dibdib ay maaaring sanhi ng bacteria o virus. Kung ang iyong impeksyon ay sanhi ng bakteryang, maaaring bigyan ka ng iyong mga doktor ng antibiotic. Ang mga antibiotic ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng:

- isang cannula ('drip'), isang manipis na plastik na tubo na pumapasok sa iyong ugat
- iniinum na mga tableta.

Mga intravenous fluid

Maaari kang bigyan ng iyong doktor ng mga likido sa pamamagitan ng isang cannula nang direkta sa iyong ugat. Nakakatulong ang mga ito na palambutin ang plema sa iyong mga baga upang mas madali itong mailabas. Makakatulong din ito na labanan ang impeksiyon.

Oxygen

Minsan maaari kang magkaroon ng oxygen sa pamamagitan ng isang facemask o maliliit na plastik na tubo sa iyong mga butas ng ilong. Ang oxygen ay tutulong upang matuyo ang iyong bibig at ilong.

Kapag malubha ang iyong impeksyon, maaaring kang dalhin sa isang intensive care unit o isang high dependency unit. Matutulungan ka ng isang machine (ventilator) para makahinga. Pakakalmahin ka ng machine na ito.

Physiotherapy

Maaaring i-refer ka ng iyong doktor sa isang physiotherapist na magpapakita sa iyo kung paano huminga at umubo nang maayos para maalís ang plema.

Paano ito maiiwasan?

Bago ang operasyon, sasabihin ng anaesthetist kung nanganganib ka na magkaroon ng impeksyon. Tatalakayin nila sa iyo ang mga sumusunod:

- posibilidad na magkaroon ka ng impeksyon sa dibdib pagkatapos ng operasyon
- kung ang regional anesthetic ay angkop para sa iyo
- kung kailangan mo ng karagdagang pag-iingat pagkatapos ng operasyon upang mabawasan ang panganib na magkaroon ng impeksyon sa dibdib. Halimbawa, kailanganin mo ng karagdagang pain relief o physiotherapy para makahinga ng mabuti.

Ano ang maari kong gawin?

Bago ang operasyon

- Tanggapin ang flu vaccine para makaiwas sa impeksyon sa dibdib.
- Iwasang manigarilyo anim na linggo bago pumunta sa ospital. Mahalaga na itigil ang paninigarilyo bago ang operasyon. Tutulong ito sa iyong baga na gumaling mula sa pagkasira dulot ng paninigarilyo at lalabanan nito ang impeksyon.
- Handa ang aming tulong sa aming aming website sa www.nhs.uk/smokefree at www.cpoc.org.uk/stopping-smoking.

Pagkatapos ng operasyon

- Ipaalam sa mga doktor kung may nararamdamang masakit. Maaari silang magbigay sa iyo ng sapat na lunas sa pananakit upang matulungan kang huminga ng malalim at mas madaling umubo.
- Maaari ka nang uminom ng tubig o anumang pwedeng inumin. Makakatulong ito upang gawing mas malambot ang plema sa iyong mga baga at mas madaling mailabas.

- Gumawa ng anumang mga ehersisyo na ibinigay sa iyo ng iyong doktor upang matulungan kang makahinga at umubo ng maayos pagkatapos ng operasyon.

Mga Paalala

Sinisikap naming panatilihin tama at napapanahon ang impormasyon sa polyeto na ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin aasahan na masasagot lahat ang mga katanungan na mayroon ka ng pangkalahatang impormasyong ito o harapin ang lahat ng bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Dapat mong talakayin sa iyong mga doktor ang mga pagpipilian at alalahanin mo, gamit ang polyeto na ito bilang gabay. Ang leaflet na ito kung mag-isa ay hindi dapat ituring na payo. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layunin na pang komersyo o negosyo. Para sa buong paalala, paki-tingnan sa: [\[www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog\]](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog).

Lahat ng mga pagsasalin ay ibinigay ng komunidad ng mga pagsasalin mula sa 'Translators without Borders'. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasaling ito upang gawing tama ang mga pagsasalin hangga't maaari, ngunit may panganib ng mga kamalian at maling interpretasyon ng ilang impormasyon.

Sabihin sa amin kung ano ang iniisip mo

Tumatanggap kami ng mga mungkahi upang pagandahin ang leaflet na ito.

Kung mayroon kang anumang mga puna na nais mong sabihin, mangyaring i-email ang mga ito sa: patientinformation@rcoa.ac.uk

Royal College of Anaesthetists

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

www.rcoa.ac.uk

Ikaanim na Edisyon, Nobyembre 2024

Rerepasuhin ang polyeto na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglalathala.

© 2024 Royal College of Anaesthetists

Maaaring kopyahin ang polyeto na ito para sa layunin ng paggawa ng materyal ng impormasyon para sa pasyente. Mangyaring sipiin ang orihinal na akdang ito. Kung may bahagi ng polyeto na nais mong gamitin sa ibang publikasyon, dapat na magbigay ng angkop na pagkilala at alisin ang mga logo, branding, larawan at icon. Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin.